


Mother Tongue-Based Multilingual Education

Unang Markahan – Modyul 11:
I-Ekspres Mo!



**Mother Tongue-Based Multilingual Education – Ikatlong Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 11: I-Ekspres Mo!
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Hazel Jane A. Villegas

Editor: Lira S. Rubio, Jesusa P. Ambrona, Lourdes C. Manlapus

Tagasuri: Babeth P. Gevila, Alejandro S. Fernandez Jr., Angelica M. Mendoza
Gloria Castro-Sabanal, Aries A. Gamino

Tagaguhit: Deodito C. Curaza Jr.

Tagalapat: Hazel Jane A. Villegas

Tagapamahala: Allan G. Farnazo

Winnie E. Batoon

Mary Jeanne B. Aldeguer

Chona M. Calatrava

Analiza C. Almazan

Teresita E. Helgason

Ma. Cielo D. Estrada

Jesusa P. Ambrona

George N. Wong

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XI

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: regionxi@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

Mother Tongue-Based Multilingual Education

Unang Markahan – Modyul 11:
I-Ekspres Mo!

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Kumusta? Halika at sabay nating alamin ang nilalaman ng modyul na may pamagat na I-Ekspres Mo!

Subukin kung paano mo makilala ang iba't ibang mga idyomatikong ekspresyon. May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- nakikilala ang mga idyomatikong ekspresyon sa pangungusap (MT3G-Ih-i-6.1).



Mga Tala para sa Guro

Upang ikaw ay maging matagumpay sa paggamit ng kagamitang ito, tandaan na palaging basahin ang mga panuto sa bawat gawain na makikita sa modyul. Maligayang pag-aaral!



Subukin

Basahin nang mabuti ang mga sumusunod na pahayag na may salungguhit. Piliin sa loob ng kahon ang mga salitang nagsasaad ng ibig sabihin ng mga ito at isulat ang titik ng iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

A. naghihirap

B. sensitibo

C. kaibigan

D. matanda na

E. walang trabaho

F. kuripot

1. Kabungguang balikat ni Tanya si Amanda.
2. Simula ng lumaganap ang pandemyang COVID-19, isang kahig isang tuka ang pamilya ni Nelson.
3. Balat-sibuyas ang pinsan ni Emily kapag ito ay nanonood ng mga pelikula.
4. Binisita ni Ericka ang kanyang tiyahing alog na ang baba.
5. Nagbibilang ng poste ang kanyang ama, kaya naman ang ina niya ang naghahanap ng paraan para sila ay mabuhay.

Aralin

1

I-Ekspres Mo!

Naranasan mo na bang makakita ng mga pahayag o ekspresyong may malalalim na salita, sa iyong pagbabasa ng pangungusap sa mga kuwento, at hindi mo ito agad maunawaan?

May iba't ibang matalinghagang salita at isa na rito ang idyoma. Tara! Alamin natin sa modyul na ito ang ibig sabihin nito.



Balikan

Tukuyin ang kayarian ng mga sumusunod na pangungusap. Isulat ang P kung payak, I kung tambalan at H kung hugnayang pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Nagpunta si Alma sa silid-aralan.
2. Umawit ang mga ibon at sumayaw ang mga dahon ng mga puno sa lakas ng hangin.
3. Hindi gaanong matalino si Hannah ngunit matiyaga siyang mag-aaral.
4. Nagbakasyon ang mag-anak sa kanilang bukirin.
5. Mayaman ang pamilya ni Nelson subalit hindi maganda ang pag-uugali niya sa pag-aaral.



Tuklasin

Basahing mabuti ang kuwento sa ibaba at bigyang-pansin ang mga salitang may salungguhit.

Ang Batang Matiyaga
ni: Hazel Jane A. Villegas



Si Merideth ay nasa ikatlong baitang at nag-aaral sa Paaralang Elementarya ng Peñaplata Sentral. Siya ay ulila na dahil namatay ang kaniyang ina nang siya ay pinanganak at ang kanyang ama ay namatay sa malubhang sakit.

Nakatira siya sa kanyang Tiya Selda, kapatid ng kanyang ina. Ito ang kumupkop at sumuporta sa kanya simula pagkabata. Habang lumalaki si Merideth, minabuti niyang araw-araw na magtatrabaho para sa kanyang Tiya pagkatapos ng kanyang klase sa paaralan. Palagi siyang nagsusunog ng kilay upang maging maaliwalas ang bukas. Palagi rin siyang nagdarasal.

Isang araw sa paaralan, di-mahulugang karayom ang mga tao sa silid-aklatan dahil nalalapit na ang kanilang pagsusulit. Kasabay na nag-aaral ni Merideth si Alyana, ang kanyang balat-sibuyas na kaibigan.

Dumating ang araw ng pagsusulit at masayang-masaya ang magkaibigan nang pareho silang nakakuha ng mataas na marka.



Suriin

Basahing muli ang mga salitang may salungguhit mula sa kuwento.

nagsusunog ng kilay

maaliwalas ang bukas

di-mahulugang karayom

balat-sibuyas


Ano ang tawag sa mga salitang may salungguhit? Ayusin ang mga titik sa ibaba upang makabuo ng salita. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

O	Y	M	A	I	D
---	---	---	---	---	---

— — — — —

Basahin ang mga halimbawa ng mga idyoma at alamin natin ang kahulugan nito.


- | | |
|----------------------------|-------------------------|
| 1. maaliwalas ang bukas | - maganda ang hinaharap |
| 2. nagsusunog ng kilay | - nag-aaral ng mabuti |
| 3. pagsweldo ng tulisan | - hindi mangyayari |
| 4. nagbibilang ng poste | - walang trabaho |
| 5. makabagbag damdamin | - nakakalungkot |
| 6. nagtataingang kawali | - bingi-bingihan |
| 7. di mahulugang karayom | - maraming tao |
| 8. magmamahabang dulang | - mag-aasawa |
| 9. alog na ang baba | - matanda na |
| 10. isang kahig isang tuka | - naghihirap |
| 11. naniningalang palad | - nanliligaw |
| 12. di maliparang uwak | - malawak |
| 13. kabungguang balik | - kaibigan |
| 14. balat-sibuyas | - sensitibo |
| 15. may bulsa sa balat | - kuripot |



Tandaan

Ang **idyoma** o **idyomatikong ekspresyon** ay matalinghagang pahayag na nakatago sa likod ng salita ang tunay na kahulugan nito. Natutuhan ang kahulugan ng idyoma sa tulong ng mga salitang nakapaligid dito at sa pamamagitan ng malalim na pag-unawa sa diwa ng pangungusap.

Gumaganda ang pangungusap sa tulong ng idyoma, dahil hindi nito inilalantad agad-agad ang diwang taglay. Binibigyan ng pagkakataon ang mambabasa na mapalawak ang sariling isipan.



Pagyamanin

Basahing mabuti ang mga pangungusap. Kopyahin sa iyong papel o kuwaderno ang mga salita o lipon ng mga salita na matalinghaga.

1. Di- maliparang uwak ang **hacienda** ng pamilya ni Arnold.
2. Hindi magkasundo ang magkapatid dahil mataas ang lipad ng bunso.
3. Hinahabol ng karayom ang suot niyang damit dahil sa pagmamadali upang hindi mahuli sa kanyang lakad.
4. Si Hector ang tupang itim sa kanilang pamilya.
5. Nagdilang-anghel ang guro ni Anthony nang siya ang manalo sa patimpalak.



Isaisip

Ano ang idyoma?

Magbigay ng mga halimbawa :



Isagawa

Basahing mabuti ang mga salitang matalinghaga at hanapin ang kahulugan nito sa loob ng **puzzle**. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. isang kahig isang tuka
2. naniningalang palad
3. di maliparang uwak
4. kabungguang balikat
5. may bulsa sa balat

A	K	O	M	N	A	K	E	L	A
M	A	A	M	A	L	A	W	A	K
G	I	N	H	N	W	I	K	M	I
A	B	A	N	L	R	B	U	E	N
N	A	G	H	I	H	I	R	A	P
E	G	A	M	L	O	G	I	S	L
M	A	N	G	I	L	A	P	A	M
A	N	T	I	G	O	N	O	M	S
M	A	L	A	A	W	K	T	L	O
N	A	G	H	W	H	I	R	A	L



Tayahin

Basahin at unawaing mabuti ang tanong. Piliin ang titik ng wastong sagot at isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

kapit-tuko
kapit-bisig
hilog-talilog

isang kahig, isang tuka
nakalista sa tubig
nagtataingang kawali

1. Malapit na ang pista. _____ ang kailangan ng magkakapit-bahay upang maging maayos at malinis ang kanilang kalye.
2. Matagal nang nanunungkulan sa barangay si Kapitan Tiborsyo. Inabot na siya ng 15 taon sa posisyong iyon. Lahat ay kaniyang gagawin upang hindi mapalitan sa kaniyang posisyon. Ganoon na lamang ang pagiging _____ sa posisyon ni Kapitan Tiborsyo.
3. Naligaw sina Ana at Ben sa Maynila, hindi nila alam ang pasikut-sikot sa lungsod. Para na silang _____ sa kahahanap ng lugar ng kamag-anak.
4. Madaling-araw pa lamang ay gumagayak na si Mang Pitoy upang magsaka ng kanyang lupain. Ninanais niyang maiahon ang kanilang buhay na _____.
5. Sa tuwing magigipit si Ferdinand ay lumalapit siya kay Tiyo Orlando. Hindi naman siya sinisingil ng kaniyang tiyo. Alam niya na ito ay _____.



Karagdagang Gawain

Gumawa ng tatlong pangungusap na mayroong idyoma. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.



Susi sa Pagwawasto

Karagdagang Gawain Inasahan ang magkabalang sagot.	Tayahin 1. kapit-bisig 2. kapit-tuko 3. hlong-tallong 4. isang kahig, isang tuka 5. hlong tallong																																																																																																				
Isagawa <table border="1"> <tr><td>N</td><td>A</td><td>G</td><td>H</td><td>W</td><td>H</td><td>I</td><td>R</td><td>A</td><td>L</td></tr> <tr><td>M</td><td>A</td><td>L</td><td>A</td><td>A</td><td>A</td><td>K</td><td>T</td><td>L</td><td>O</td></tr> <tr><td>A</td><td>N</td><td>T</td><td>I</td><td>G</td><td>N</td><td>O</td><td>A</td><td>M</td><td>S</td></tr> <tr><td>M</td><td>A</td><td>N</td><td>G</td><td>I</td><td>L</td><td>A</td><td>P</td><td>A</td><td>M</td></tr> <tr><td>E</td><td>G</td><td>A</td><td>M</td><td>L</td><td>O</td><td>G</td><td>I</td><td>S</td><td>L</td></tr> <tr><td>N</td><td>A</td><td>G</td><td>H</td><td>I</td><td>H</td><td>I</td><td>R</td><td>A</td><td>P</td></tr> <tr><td>A</td><td>B</td><td>A</td><td>N</td><td>L</td><td>R</td><td>B</td><td>U</td><td>E</td><td>N</td></tr> <tr><td>G</td><td>I</td><td>N</td><td>H</td><td>N</td><td>W</td><td>I</td><td>K</td><td>M</td><td>I</td></tr> <tr><td>M</td><td>A</td><td>A</td><td>M</td><td>A</td><td>L</td><td>A</td><td>W</td><td>A</td><td>K</td></tr> <tr><td>A</td><td>K</td><td>O</td><td>M</td><td>N</td><td>A</td><td>K</td><td>E</td><td>L</td><td>A</td></tr> </table>	N	A	G	H	W	H	I	R	A	L	M	A	L	A	A	A	K	T	L	O	A	N	T	I	G	N	O	A	M	S	M	A	N	G	I	L	A	P	A	M	E	G	A	M	L	O	G	I	S	L	N	A	G	H	I	H	I	R	A	P	A	B	A	N	L	R	B	U	E	N	G	I	N	H	N	W	I	K	M	I	M	A	A	M	A	L	A	W	A	K	A	K	O	M	N	A	K	E	L	A	Pagymamin 1. Di maliparag uwak 2. mataas ang ilpad 3. Hinahabol ng karayom 4. tupang itim 5. Nagdiliang-anghel
N	A	G	H	W	H	I	R	A	L																																																																																												
M	A	L	A	A	A	K	T	L	O																																																																																												
A	N	T	I	G	N	O	A	M	S																																																																																												
M	A	N	G	I	L	A	P	A	M																																																																																												
E	G	A	M	L	O	G	I	S	L																																																																																												
N	A	G	H	I	H	I	R	A	P																																																																																												
A	B	A	N	L	R	B	U	E	N																																																																																												
G	I	N	H	N	W	I	K	M	I																																																																																												
M	A	A	M	A	L	A	W	A	K																																																																																												
A	K	O	M	N	A	K	E	L	A																																																																																												
Suritin ➤ IDYOMA	Balikkan 1. P 2. T 3. H 4. P 5. H	Subukin 1. C 2. A 3. B 4. D 5. E																																																																																																			

Sanggunian

Curriculum Guide in Mother Tongue Based-MLE 3, p133.

DepEd Complex, Meralco Ave. 1600 Pasig City, Philippines.

Final K to 12 Most Essential Learning Competencies (MELCs) with
Corresponding CG Codes in MTB-MLE Grade III Quarter 1.

DepEd Complex, Meralco Ave. 1600 Pasig City, Philippines.

Bamba, Nelia D., Claire B. Barcelona, Gretel Laura M. Cadiong,
Franlyn R. Corporal, Florinda Dimansala, Lilibeth A. Magtang,
Victoria D. Mangaser, Florita R. Matic, Irene T. Pilapil, Grace
U. Rabales, Raquel C. Solis, and Arabella May Z. Soniega.

MTB-MLE Kagamitan ng Mag-aaral (Tagalog- Baitang 3):

Book Media Press, Inc., 2014, 55. *DepEd Complex, Meralco
Avenue, 1600 Pasig City, Philippines.*

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph